Queensland Australia

...the smart choice

Pag-aaral sa Brisbane North Institute of TAFE

Ang Brisbane North Institute of TAFE (BNIT) ay bahagi ng pag-aari ng pamahalaan na TAFE Queensland network – ang pinakamalaking tagapagbigay-serbisyo ng bokasyonal na edukasyon at pagsasanay o vocational education and training (VET) sa Queensland, Australia. Kami ay nagbibigay ng pinakahuling mga programa ng VET sa kapwa mga mag-aaral sa bansa at iba't ibang panig ng mundo sa isang kapaligirang sumusuporta sa pag-aaral. Ang aming Institute ay may pangakong magkaroon ng mga nakatapos na may mga kasanayan at kaalamang kinakailangan upang sila ay magkaroon ng matagumpay na karerang kanilang pinili, maging ito ay sa bansa at sa iba't ibang panig ng mundo, o magbigay ng mga paraan tungo sa karagdagang mga pag-aaral sa mga unibersidad ng Australia. Ang mga kwalipikasyong iniaalok ng BNIT ay may pambansang akreditasyon at pagkilala. Ang aming mga guro ay may ganap na kwalipikasyon at karanasan sa industriya, at ang aming mga mag-aaral ay tumatanggap ng pinakamataas na pamantayan ng pagtuturo at pinakabagong impormasyong may kaugnayan sa industriya.

Ang BNIT ay may taunang mga pagpapatala na sobra sa 26,000 mga mag-aaral (kabilang ang sobra sa 500 pandaigdigang mga mag-aaral) na nag-aaral ng malawak na hanay ng mga programa sa kabuuan ng limang mga campus sa hilagang mga suburbiya ng Brisbane. Ang bawat campus ay may malawak na hanay ng may kalidad na mga pasilidad para sa pagsasanay na may pinakabagong mga teknolohiyang pangkompyuter, kontemporaryong mga silid-aralan at mga teatrong pang-lektyur, elektronikong mga sentro para sa pag-aaral at modernong mga aklatan na kilala bilang mga Learning Hub, kung saan ang mga mag-aaral ay nasisiyahan sa paggamit ng libreng internet.

Tungkol sa Brisbane, Queensland, Australia

Ang BNIT ay nagbibigay sa pandaigdigang mga mag aaral ng pagkakataong mag-aral at kumuha ng mga programa ng VET na nakikipagpaligsahan sa buong daigdig sa isang ligtas, malinis na syudad na may mababang halaga ng pamumuhay.

Ang syudad na may populasyong mahigit sa 1.8 milyong katao, ay nag-aalok ng bukas na mga liwasan at pampublikong mga lugar, pandaigdig na uring mga pasilidad pampalakasan, mga kapihan at ang Ilog ng Brisbane sa sentro nito.

Ang Queensland ay matatagpuan sa hilagang-silangang bahagi ng Australia, na may maraming likas na kaakit-akit na mga lugar katulad ng the Great Barrier Reef, Fraser Island at Daintree Rainforest, at ang kilalang mga beach at resort ng Sunshine at Gold Coast ay lampas lamang sa isang oras ang biyahe mula sa Brisbane.

Queensland **the Smart State**

Brisbane North INSTITUTE OF TAFE

Queensland Government Australia

Queensland Australia

...the smart choice

Mga programa

Ang Brisbane North Institute of TAFE ay nag-aalok ng isang hanay ng mga programang Pang-Sertipiko at Pang-Diploma, kabilang ang:

- Negosyo
- Pinansiya
- Accounting
- Hustisya
- Mga Serbisyong Pambata
- Pangangalaga sa Nakatatanda
- Kapakanang Pangkomunidad
- Hospitality
- Pagluluto
- Retail
- Impormasyong Pangteknolohiya
- Disenyong Pang-Graphic
- Lohistika
- Hortikultura
- Pangangalaga sa Hayop
- Disenyong Pang-Interyor
- Pagbibiyahe at Turismo

Mga daang patungo sa unibersidad

Ang BNIT ay nagtatag ng direktang mga daan sa pagpasok sa malaking mga unibersidad, kabilang ang Queensland University of Technology, Griffith University, University of Southern Queensland at ang Australian College of Applied Psychology na may kreditong aabot hanggang sa isang taon.

Mag-aral ng Ingles

Maging ang mga mag-aaral ay baguhan pa lamang o mga abante na, ang Brisbane North Institute of TAFE ay maaaring tumulong sa pandaigdigang mga mag-aaral na maging bihasa sa wikang Ingles. Sa malawak na hanay ng mga programang ELICOS (English Language Intensive Courses for Overseas Students) na nagsisimula sa antas ng mga baguhan hanggang sa abante, ang aming kwalipikadong mga guro ay tumutulong sa mga mag-aaral na matuto at maging mahusay sa kanilang Ingles sa isang masigla at magiliw na kapaligiran.

Queensland **the Smart State**

Brisbane North INSTITUTE OF TAFE

Queensland Government Australia

Queensland Australia

...the smart choice

Mga programang 'offshore'

Ang BNIT ay may maraming taong karanasan sa pangangasiwa ng pandaigdigang mga proyekto at mga programa kasama ang India, Singapore, China, Korea, Thailand, Papua New Guinea, Vietnam at Iran. Ang BNIT ay nagpapatuloy din sa matagumpay na paghahatid ng mga programang Pang-Sertipiko at Pang-Diploma sa labas ng bansa sa ilalim ng Australian Quality Training Framework sa mga mag-aaral sa mga kolehiyo at mga unibersidad sa Singapore, China at Vietnam. Ang mga nakatapos sa mga programang 'offshore' na ito ay pinagkalooban ng direktang pagpasok sa mga programang Bachelor degree sa malaking mga unibersidad sa Queensland na may aabot sa isang taong kredito.

Akademikong mga pangangailangan sa pagpasok

Para matanggap sa mga programang Pang-Diploma, karaniwan ang mga aplikante ay kailangang may:

1. Matagumpay na pagtatapos ng Year 12 o katumbas; o husto na sa edad sa pagpasok (mature age entry); at
2. Wikang Ingles (pinakamababang IELTS 5.5 na walang indibiduwal na iskor na mababa sa 5.0).

Para matanggap sa mga programang Pang-Diploma, karaniwan ang mga aplikante ay kailangang may:

1. Matagumpay na pagtatapos ng Year 12 o katumbas; o husto na sa edad sa pagpasok (mature age entry); at
2. Wikang Ingles (pinakamababang IELTS 5.5 na walang indibiduwal na iskor na mababa sa 5.0).

Paaano mag-aplay

Upang malaman ang tungkol sa proseso ng aplikasyon, basahin muna ang impormasyon sa aming website http://www.bn.tafe.qld.gov.au/international/enrolments/index.html. Maaari mong i-download ang application form mula sa website na ito, at ipadala ito nang direkta sa aming pangkat para sa International Admissions.

Kung ikaw ay may anumang mga katanungan,o nagnanais ng karagdagang impormasyon, mag-email sa aming Pandaigdigang Pangkat sa international.bnit@deta.qld.gov.au.

Kontak at karagdagang impormasyon

Address sa Koreo:
BNIT International
Locked Bag 3
Eagle Farm BC
Queensland Australia 4009

Telepono: +61 7 3259 9221
Website: www.bn.tafe.qld.gov.au/international
Email: international.bnit@deta.qld.gov.au

CRICOS No: 02444M

Queensland **the Smart State**

Brisbane North INSTITUTE OF TAFE

Queensland Government Australia